



Serbisyo ng Sustento sa Anak



**Tulong sa mga taong may mga
problema sa sustento sa anak**

Ang Legal Aid NSW Child Support Service ay nagbibigay sa iyo ng libreng independiyenteng payo. Hindi kami bahagi ng Services Australia: Centrelink o Services Australia: Child Support at hindi namin ibibigay ang iyong impormasyon kaninuman nang walang pahintulot mula sa iyo.

Makakakuha ba ako ng tulong?

Makakatulong kami sa:

- mga magulang na kailangang magbigay ng sustento sa anak;
- mga magulang na nangangailangang kumuha ng sustento para sa kanilang mga anak; at
- mga tao na nangangalaga sa mga batang hindi nila sariling mga anak dahil sa kautusan ng korteng pampamilya o di-pormal na kaayusan (halimbawa mga lolo/lola, mga tiyuhin/tiyahin).

Ano ang maihihingi ko ng tulong?

- patunay ng pagka-magulang para makakuha ka ng sustento mula sa ama ng iyong anak;
- pagkuha ng mas mataas na halaga ng Benepisyo sa Buwis ng Pamilya mula sa Centrelink kung natatakot kang mag-aplay para sa sustento sa anak o hindi mo matukoy o mahanap ang ama ng bata;
- anumang mga isyu kaugnay ng sustento sa anak, kabilang ang mga pagtatasa at mga kasunduan; o
- mga pagdinig sa korte tungkol sa mga legal na usapin sa sustento sa anak.

Sa ilang kaso, makakatulong kami sa paghahabol ng iyong kaso sa Services Australia o sa pamamagitan ng pagsulat sa kabilang magulang.

Representasyon sa tribyunal o sa korte

Minsan kung nangangailangan ka ng karagdagang tulong, isa sa aming mga abogado ay maaaring kumatawan sa iyo sa korteng pampamilya o sa Administrative Appeals Tribunal. Para makuha ang tulong na ito, kailangan mong punan ang isang form ng aplikasyon para sa 'pagkakaloob ng legal na tulong'. Makukuha mo ang form ng aplikasyon mula sa aming website, mula sa mga tanggapan ng Legal Aid NSW o mula sa mga naka-duty na abogado sa mga lokal na korte. Makakatulong ang aming mga kawani sa pagsagot mo sa form.

Ang form ay magtatanong sa iyo tungkol sa iyong personal at pinansyal na kalagayan. Titingnan ng Legal Aid NSW ang iyong kaso at ipapaalam sa iyo kung kakatawan sa iyo ang isang abogado.

Kung tumutulong na kami sa kabilang partido sa iyong legal na kaso, tutulungan ka naming makahanap ng isang pribadong abogado.

Tandaan, lubos kaming kompidensyal.

Mangyaring tawagan kami para gumawa ng tipanan (appointment) sa:

02 9633 9916 (Sydney at metropolitan na mga lugar)

1800 451 784 (sa labas ng Sydney)

Serbisyo sa Sustento sa Anak

Legal Aid NSW

Level 4

128 Marsden Street

Parramatta NSW 2150

Email: admin.css@legalaid.nsw.gov.au

Ang **Legal Aid NSW Child Support Service** ay nagpapatakbo ng mga klinika para sa payo sa telepono sa itinakdang mga oras tuwing Lunes hanggang Biyernes.

Libre at kompidensyal ang iyong tipanan.

Sabihin sa amin kung nangangailangan ka ng serbisyo ng interpreter para sa iyong tipanan.

Ang publikasyong ito ay pangkalahatang gabay sa batas. Hindi ka dapat magdepende dito bilang legal na payo, at inirerekumenda namin na makipag-usap ka sa isang abogado tungkol sa inyong kalagayan.

Tama ang impormasyon sa panahon ng pag-imprensa. Gayon pa man, maaari itong magbago. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa LawAccess NSW sa 1300 888 529.



© Legal Aid Commission of NSW 2021

Mag-order ng mga brochure sa online sa www.legalaid.nsw.gov.au/publications o mag-email sa: publications@legalaid.nsw.gov.au

This brochure is also available in: Arabic, Simplified Chinese, Dari/Farsi, Tagalog and Vietnamese.

Nangangailangan ka ba ng tulong para maka-ugnay kami?



Kung nangangailangan ka ng isang interpreter, tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** (9am – 5pm) at hilingin ang LawAccess NSW.



Kung nahihirapan kang makarinig o makipag-usap, tawagan ang National Relay Service (NRS) sa **133 677** at hilingin ang LawAccess NSW o bumisita sa www.relayservice.gov.au

Legal Aid
NEW SOUTH WALES